All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Sa Hirap at Ginhawa

Grade 3



Panulat ni: Girly N. Villanueva
Guhit ni: Jay Lord B. Gallarde
Pag-aanyo ni: Jonell C. Mangulabnan
Patnugot ni: Cheryl Raymundo-Ramiro, PhD

SCHOOLS DIVISION OF SANTIAGO CITY, REGION 02

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Sa Hirap at Ginhawa



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



**Treasury of Storybooks**

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Villanueva, Girly N., *Sa Hirap at Ginhawa*. Deped BLR, 2018

Development Team

Writer: Girly N. Villanueva

Illustrators: ay Lord B. Gallarde and Erwin Bryan M. Garcia

Editor : Cheryl Raymundo-Ramiro, PhD

Layout Artist: Jonell C. Mangulabnan and Edna SJ. Ong

Learning Resource Manager: Cheryl Raymundo-Ramiro, PhD
Octavio L. Cabasag, PhD

Schools Division of Santiago City
Region 02 Cagayan Valley

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Pag-uugnay sa Kurikulum ng Unang Baitang
## Ang kuwento ito ay nakapaloob sa kurikulum ng Unang Baitang
## FILIPINO III

| **NILALAMAN** (Content) | **PAMANTAYANG NILALAMAN** (Content Standard) | **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** (Performance Standard) | **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO** (Learning Competencies) | **CODE** | **KAUGNAYAN SA KUWENTO** | **ARAL NA MAKUKUHA** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Mag-kasing-kahulugan at mag-kasalungat na mga salita | Naisasagawa ang mapanu-ring pag-basa upang mapalawak ang talasalitaan | Nababasa ang usapan, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon. | Nakakagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga pa-latanda-ang ng kahulugan (kasalungat) | **F3PT-c1-5** | Sa kuwento ipinakikita na: ang pagbubuklod ng pamilya ay napakahalaga | Sa kuwento ipinamamalas na: - mahalin at pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasipag Pagkama-tulungin Pagkamatiisin Pagpupursige sa pag-aaral |
| 2. Pag-tulong at Pagma-mahal sa pamilya | Naipapamalas ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan | Naisasalaysay ang pagkaka-sunod-sunod ng mga Pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan | Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan | **F3PN-Ic-j-3.1.1** | Sa kuwento ipinakikita na: ang pagbubuk-lod ng pamilya ay napakahalaga | Sa kuwento ipinamamalas na: mahalin at pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasipag Pagkamatu-lungin Pagkamatisin Pagpupursige sa pag-aaral |
| 3.Salitang Kilos | Naipamama-las ang paggamit ng salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa ibat-ibang gawain sa tahanan, paa-ralan at pamayanan | Nakagagamit ng mga salitang kilos sa paggawa ng sariling pangu-ngusap. | Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't-ibang gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan | **F3WG-IIIe-f-5** | Sa kuwento ipinakikita na: ang pagbubuk-lod ng pamilya ay napakahalaga | Sa kuwento ipinamamalas na: mahalin at pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasipag Pagkamatulungin Pagkamatiisin Pagpupursige sa pag-aaral |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

| **NILALAMAN** (Content) | **PAMANTAYANG NILALAMAN** (Content Standard) | **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** (Performance Standard) | **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO** (Learning Competencies) | **CODE** | **KAUGNAYAN SA KUWENTO** | **ARAL NA MAKUKUHA** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 4. Pag babaybay ng mga salitang may tatlo o apat na pantig | Naipamamalas ang wastong pagbabaybay ng mga salitang may tatlo o apat na pantig | Nakapagba-baybay ng wasto ng mga salitang may tatlo o apat na pantig | Nababaybay ng wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig | **F3PU-IIIi-2.1; 2.3** | Sa kuwento ipinakikita na: - ang pagbubuklod ng pamilya ay napaka-halaga | Sa kuwento ipinamamalas na: - mahalin at pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasi-pag Pagka-matulungin Pagkamatiisin Pagpupursige sa pag-aaral |
| 5. Pang-uri | Naipamamalas ang paglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar | Nakapag-bibigay ng angkop na paglalarawan sa bagay, tao, pangyayari at lugar | Nakapagla-larawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar | **F3WG-IIIcd4** | Sa kuwento ipinakikita na: - ang pagbubuklod ng pamilya ay napakahalaga | Sa kuwento ipinamamalas na: - mahalin at pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasipag Pagkamatulungin Pagkamatiisin Pagpupursige sa pag-aaral |
| 6. Kakayahan at tatas sa pagbasa | Naisasagawa ang mapanu-ring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | Nababasa ang usapan, talata, kuwento nang may tamang bilis,diin, tono, antala at ekspresyon. | 5. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan Nagagamit ang pang-ngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar | **F3PB-Ia-1** **F3WG-Ia-d-2** | Sa kuwento ipinakikita na: - ang pagbubuklod ng pamilya ay napakahalaga | Sa kuwento ipinamamalas na: pahalagahan ang bawat kasapi ng pamilya Pagkamasipag Pagkamatu-lungin |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Liham Para sa Mag-aaral

Mahal Kong Mambabasa,

Ginawa ko ang kuwentong ito para sa iyo upang lalo pang malinang ang iyong kaalaman para sa pag-aaral. Ang kuwento ay kapupulutan ng magagandang gawi at asal.

Inihahandog ko ang kuwentong ito upang maging inspirasyon para harapin ang maraming pagsubok na dumarating sa iyong buhay.

Umaasa ako na sa maliit mang pamamaraan ay makatutulong ang kuwento na mapalawak ang tanawin mo sa buhay at magpursiging makatapos sa iyong pag-aaral. At masasabi sa iyong sarili na ang kahirapan ay hindi malaking balakid o hadlang upang makatapos sa iyong pag-aaral. Sa pamamagitan ng kasipagan at tiyaga ay maaabot mo ang tagumpay.

Maligayang pagbabasa!

**GIRLY N. VILLANUEVA**
May Akda

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Sa isang munting tahanan, sa lugar ng Baryo Busilac nakatira ang Pamilya Jose.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Payapa at simple lamang ang kanilang pamumuhay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Nagtatanim sila ng mga puno at gulay na siyang pinagkukunan nila ng kanilang makakain at mga halaman na nagsisilbing pampaganda naman ng kanilang paligid.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

May mga alaga din silang hayop gaya ng kalabaw na tumutulong sa pagsasaka at nagbibigay ng gatas.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Mayroon ding manok at patong nangingitlog, asong tagabantay, at marami pang iba.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Habang nakaupo at nagpapahinga, biglang napaisip si Mang Roger sa kalagayan ng kanilang buhay . "Tatlo ang aking anak. Isa lamang akong mahirap na magsasaka. Nasa bahay lamang ang aking asawa at abala sa pag-aalaga sa amin. Paano ko kaya maitataguyod ang pag-aaral ng aking mga anak?"



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Kung mayaman lang sana ako, maibibigay ko ang lahat ng pangangailangan ng aking mga anak," ang nangangarap na sabi ni Mang Roger sa sarili.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Masipag at matulungin ang kanyang mga anak.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Tuwing Sabado, tumutulong silang lahat sa bukid .



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Si Mang Roger ang taga-araro.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Tagalagay naman ng abono ang panganay na anak.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

at taga tanim ng mais ang dalawa pa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Abala naman sa pagluluto ng kanilang pagkain ang kanyang asawa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Kapag naman Linggo, namimitas ang mag- anak ng mga tanim nilang gulay upang maitinda sa mga kapitbahay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Buwan ng Marso, araw ng pagpaparangal sa mga mag-aaral ng Mababang Paaralan ng Busilac.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Ilan sa mga pinarangalan ay ang tatlong anak nina Mang Roger at Aling Esmen. Tuwang-tuwa sila sa nakamit na tagumpay ng kanilang mga anak. Pinarangalan sila bilang ilan sa mga pinakamatatalinong bata sa klase. Naalis ang lahat ng kanilang nararamdamang pagod at hirap sa buhay nang tawagin ng kani-kaniyang guro ang kanilang mga anak.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Unang karangalan sa Ikalimang Baitang, Rosa Jose!"



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Halos malunod sa tuwa ang puso nina Mang Roger at Aling Esmen. Masayang-masaya silang umakyat sa entablado.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Malugod na binati ng Punongguro ng paaralan ang dalawa. "Mapalad po kayo, matatalino po ang inyong mga anak. Sigurado po akong malayo ang kanilang mararating, sambit niya. "Salamat po," ang mapagpakumbaba namang sagot ng mag-asawa mag-asawa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Biglang napadasal nang tahimik si Mang Roger. "Diyos ko, tulungan mo po ako. Pagpalain mo po kaming mag-anak. Bigyan po Ninyo ako ng lakas ng loob."



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Makalipas ang ilang taon, nasa Mataas na Paaralan na ng Sta. Maria ang tatlo niyang anak.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Ganoon pa rin ang estado ng kanilang buhay. Mas lumala pa ang kahirapan dahil dumarami na ang kanilang gastusin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Hindi tumigil sa pagtatrabaho at pagdarasal sina Mang Roger at Aling Esmen. Alam kasi nilang nasa Diyos ang awa at nasa tao naman ang gawa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Sa paglipas ng panahon, hindi namalayan ng mag-asawa na magtatapos na pala sa kolehiyo ang kanilang mga anak. At sa kanilang pagkamangha, nagtapos ang mga ito nang may karangalan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Dahil sa maganda ang rekord ng kanilang mga anak, madali silang nakahanap ng trabaho. Ang panganay na si Rosa ay isa nang guro sa Mababang Paaralan ng Busilac.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Ang pangalawa namang si Rodel ay isa nang inhinyero.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

At ang bunsong si Romeo ay isang nars.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

“Kung may hirap, may ginhawa,” sambit ni Mang Roger at Aling Esmen. “Maraming salamat po, Diyos ko sa tulong Mo at ginhawang ipinagkaloob Mo sa amin,” sambit ng mag-asawa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Masayang namuhay ang mag-anak at pinahalagahan ang tagumpay na kanilang nakamit. Ngayong mga propesyonal na sila, handa na rin silang maging mga produktibong  Pilipino."



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



## Mga Gintong-Aral

1. Pagbubuklod ng pamilya - mahalin at bigyang halaga ang bawat kasapi ng iyong pamilya.
2. Pagkamasipag-magtrabaho kahit hindi inuutusan.
3. Pagkamatulungin - ugaliing tumulong sa mga gawain ng mga magulang at mga kapatid.
4. Pagpupursige sa pag-aaral - bigyang halaga ang pag-aaral upang makamit ang iyong mga pangarap sa buhay.
5. Pagkamatiisin - maging handang harapin ang mga pagsubok na dumarating sa buhay.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

## Ang May Akda



Si Girly Casita Naval Villanueva ay ipinanganak noong Ika- 20 ng Nobyembre, 1976 sa Alfonso Lista Ifugao. Nagpakasal kay Jerry G. Villanueva at biniyayaan ng dalawang anak. Sina Juliene Gail N. Villanueva at Jericho N. Villanueva. Nakatapos ng kursong Bachelor in Elementary Education Major in General Science sa University of La Salette sa taong 2003.

Kasalukuyang nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Cabulay Schools Division of Santiago City Rehiyon 02.